5 paraan upang protektahan ang iyong sarili kapag nangungupahan

Maaaring wala kang problema ngayon sa iyong landlord o kasera. Sa kasamaang palad, ito ay maaaring magbago, at mahalagang maging handa kapag ito ay mangyari. Magtago ng rekord ng lahat ng mga bagay at ilagay ang mga sulat at mga resibo sa isang folder o malaking sobre, at pag-isipang gawin
ang mga sumusunod:

1. Kumuha ng mga resibo

Maaari kang humingi ng resibo, ngunit iniaatas lamang ng batas sa landlord na magbigay ng resibo kung salapi ang ibinayad para sa renta. Kung hindi sumunod ang landlord sa batas at tumanggi siyang bigyan ka ng resibo, kakailanganin mo ng iba pang paraan upang patunayan
na talagang binayaran mo ang iyong renta. Mas mainam na magbayad ng tseke o money
order kung maaari, at magsama ng saksi kapag nagbayad ka.

2. Isulat ito

Ang pagsulat ay naglilikha ng magandang rekord ng kung ano ang nangyari. Maaaring kailanganin mo ito upang beripikahin ang iyong panig sa istorya sa darating na panahon. Magtago ng mga detalye ng mga pangalan, mga petsa, kung ano ang nangyari, at anumang
iba pang mahalagang impormasyon.

Kapag kailangan mong ipaalam sa iyong landlord ang isang bagay tulad ng mga kukumpunihin na dapat gawin o kaya'y lilipat ka, isulat ito at magtago ng kopya ng iyong pinetsahan at pinirmahang sulat para sa iyong sarili.

At basahin nang maigi at itago ang lahat ng ibinigay sa iyo ng iyong landlord tulad ng iyong kasunduan sa pag-upa, mga ulat sa inspeksyon ng kondisyon, at anumang mga sulat o mga paunawa.

3. Magkaroon ng saksi

May ilang mga beses kung kailan hindi mo maisusulat ang mga bagay o hindi mo ito makukuhanan ng litrato. Ang saksi ay magandang ebidensiya sa kung anong nangyari – kung ano ang kanilang nakita o narinig. Ang isang saksi ay dapat isang tao maliban sa mga tao na nakatira sa bahay mo. Ang mga roommate at partner ay hindi itinuturing na mga pinakamainam na saksi.

4. Kumuha ng mga litrato

Minsan, ang isang larawan ay talagang maraming masasabi. Ang mga litrato ay mahusay na ebidensiya. Dapat mong lagyan ng petsa at oras kung kailan kinunan ang litrato sa likod nito. Maaaring pumirma ang saksi upang beripikahin na ito ay totoo.

Kumuha ng litrato oras na napansin mo na mayroong problema, dahil maaaring dumating
ang landlord at maaari niyang ayusin ang problema o pagtakpan ito at mawawala ang iyong pagkakataon na makakuha ng magandang ebidensiya.

5. Alamin ang iyong mga karapatan at mga pananagutan!

Ang mga maaaring mukhang makatarungan ay maaaring mga bagay na hindi mo maaaring gawin, ayon sa batas. Alamin kung ano ang sinasabi ng batas bago maging masyadong komplikado ang mga bagay.

T·R·A·C

Website (multilingual): www.tenants.bc.ca
Infoline (Ingles lamang) sa paligid ng Vancouver: (604)255-0546
Infoline (Ingles lamang) na walang bayad: 1-800-665-1185

Immigrant PLEI Consortium

This project is made possible through funding from the Government of Canada and the Province of British Columbia